Republic of the Philippines
Department of Education
REGION IV-A CALABARZON
SCHOOLS DIVISION OF BATANGAS

Patalastas Blg. 135, s. 2026
Hulyo 31, 2026
Alinsunod sa DepEd Order (DO) Blg. 8, s. 2013,
ang patalastas na ito ay inilabas hindi upang mag-endorso batay
sa DO Blg. 28, s. 2001, kundi upang magpabatid ng impormasyon sa mga kawani
ng Kagawaran ng Edukasyon at gayundin sa kinauukulang publiko.
(Bisitahin ang www.deped.batangas.com)

**Buwan ng Wikang Pambansa2026**

Sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino, ipagdiriwang ang Buwan ng Wika ngayong Agosto 2026 na may temang, "Wikang Filipino at AI: Kasangkapan sa Pananaliksik at Tulay sa Yaman ng Impormasyon.”

Kinikilala ng tema ng Buwan ng Wika 2026 ang magkaugnay na papel ng wikang Filipino at artificial intelligence (AI) para sa makabansang gawain ng pananaliksik. Panawagan ito para sa responsableng paggamit ng AI habang tinitiyak na may makabuluhang espasyo ang Wikang Pambansa sa mga usaping may kinalaman sa mga umuusbong na teknolohiya at kaugnay na usaping pang-etika rito.

Itinuturing ang AI bilang kasangkapan para maiangat pa lalo ang kalidad ng saliksik na inihahandog ng mga Pilipino, unang-una, para sa mga kapuwa Pilipino. Habang kinakasangkapan ang AI, patuloy pa ring tinatahak ng wikang Filipino ang landas ng intelektuwalisasyon na magbubunga ng panloob at panlabas na pagbabago sa bansa. Sa ganitong paraan, kapuwa ang AI at wikang Filipino ay nagiging tulay na gagamitin ng mga Pilipino para sa kanilang pinapangarap na magandang búkas.

Bilang bahagi ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2026, maaring ma-download o makakuha ng kopya ng digital poster at iba pang kolaterals sa:
**https://hostyurl.com/HB40c1**

LVI/Buwan ng Wikang Pambansa 2026/ R2-154586 /07/31/2026

Address: Provincial Sports Complex, Bolbok, 4200 Batangas City
☎(043)722-1840 / 722-1796 / 722-1437 / 722-2675 / 722-1662
deped.batangas@deped.gov.ph
www.depedbatangas.com